EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
سفارة جمهورية الفلبين
MANAMA

ADVISORY NO. AAV-033-2020

# MAHALAGANG PANAWAGAN

Ipinapaalam ng Embahada ng Pilipinas sa Bansang Bahrain sa ating mga kababayan na DISTRESSED, NAWALAN NG TRABAHO, WALANG VISA o MAY MGA KARAMDAMAN AT nagnanais nang PERMANENTENG UMUWI sa Pilipinas, na maaari silang magpatala sa ating Assistance-to-Nationals (ATN) Section upang sila ay mabigyan ng karampatang tulong para makauwi na sa ating bansa.

Ang sino mang kabayan na nasa ganitong sitwasyon ay pinapayuhang magpatala sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga sumusunod na detalye sa email address na manamaperepat@gmail.com :

1) Buong pangalan sa pasaporte,
2) Passport number,
3) CPR number,
4) Contact/Mobile number, at
5) Rason o dahilan kung bakit nais nang permanenteng umuwi sa Pilipinas *(Halimbawa: terminated, expired/cancelled visa, may sakit, o kailangan ng exit clearance)*

Ang mga magpapatala hanggang sa **ika-19 ng Nobyembre 2020** ay bibigyan ng assistance upang makakuha ng exit clearance mula sa NPRA o immigration office ng Bahrain at, ***kung walang kaso at mabigyan ng exit clearance ng immigration***, isasama sa pinaplanong **SPECIAL FLIGHT** pauwing Pilipinas **sa huling linggo ng Disyembre**.

Pinapayuhan ang mga kabayan na may ***travel ban*** o may kaso sa korte o pulis (runaway) na ayusin ang kanilang travel ban o harapin na ang kanilang kasong runaway kung nais nilang makasama sa programang ito.

**Tandaan na ang pagpapatala o pagpapalista ay sa pamamagitan ng pag email sa manamaperepat@gmail.com at ang huling araw ng pagpapalista ay sa ika-19 ng Nobyembre 2020 (19 November 2020).**

PHILIPPINE EMBASSY MANAMA

**ALFONSO A. VER**
**Ambassador**

Villa No. 939, Road No. 3220, Block 332, Mahooz, Manama, Kingdom of Bahrain
Tel No. (+973) 17721234 / Fax: (+973) 17720827
www.manamape.dfa.gov.ph